ISSN 0117-4428

# UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVI BILANG 4 OKTUBRE-DISYEMBRE 2018

## CvSU, punong-abala sa TGP *Summit* 2018

Punong-abala ang Cavite State University (CvSU) sa *Techno Gabay Program* (TGP) *Summit* 2018 na ginanap sa CvSU *quadrangle* at *Camp Benjamin*, Alfonso, Cavite noong Nobyembre 21-23.

Ang TGP *Summit* ay taunang gawain ng *Department of Agriculture – Agricultural Training Institute* (DA-ATI) Rehiyon IV-A sa pakikipag-ugnayan sa CvSU bilang *Partner Agency* (PA), *Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium* (STAARRDEC), at *Office of the Provincial Government* (OPG) ng Cavite.

Sa temang "*Magsasaka Syentista: Partners in Promoting Innovation and Sustainable Agricultural Practices",* ang tatlong araw na gawain ay sinimulan sa isang pagpupulong ng 70 Magsasaka Syentista (MS) mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Isinagawa rin ang eleksyon ng bagong hanay ng mga opisyal at nahalal sina Agripina Ochoa ng FITS Magdalena, Laguna bilang pangulo; Gabriel Arubio ng FITS Gen. E. Aguinaldo, Cavite, pangalawang pangulo; Susan Bagsit ng FITS Nagcarlan, Laguna, kalihim; Allodia Rey ng FITS Catanauan, Quezon, ingat-yaman; at Fidel Sta. Catalina ng FITS Morong, Rizal at Moises Dalisay ng FITS OCVAS, Batangas City bilang mga tagasuri. Itinalagang mga kasangguni sina G. Edilberto R. Silan ng FITS OPA Cavite, G. Reden Costales ng FITS OPA Laguna, G. Ruderico Unas, FITS Maragondon, Cavite at G. Estelito Reyes ng FITS San Pablo City, Laguna. *Sundan sa p. 3*





*Sina Gob. Remulla at Dr. Robles (itaas) at Direktor Cosico at Mayor Fidel (ibaba) habang nagbibigay ng kani-kanilang mensahe*

### Mga Nilalaman

*ES proposal presentation, isinagawa* . . . . . . . . . . . . . . . . 2

*CvSU, kinilala ang ambag sa 4P's* . . . . . . . . . . . . . . . . . . 2

*Matel, nagsilbing evaluator sa pagpili ng MS sa CALABARZON* . . . . . . . . . . . 3

*Ika-14 na FITS sa Cavite, pinasinayaan* . . . . . . . . . . . . 5

*Animal Health ES, inilunsad sa Magallanes* . . . . . . . . . . . . 6

*Technical coffee farm tour, pinangasiwaan ng NCRDEC* . . 7

*CEIT, nagsagawa ng CNA* . . 7

*Mga pagsasanay sa huling tatlong buwan ng taon, isinagawa* . . . . . . . . . . . . . 8

## MGA BALITA

# ES *proposal presentation*, isinagawa

Nagsagawa ang CvSU *Extension Services* (ES) ng *proposal presentation* ng mga programang pang-ekstensyon noong Disyembre 12 na dinaluhan ng mga *dean*, *extension coordinator* at guro mula sa mga kampus at kolehiyo ng Unibersidad. Nagbigay ng mensahe sina Dr. Ruel M. Mojica, bise presidente ng *Research and Extension* at Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES. Kabilang sa *evaluators* sina Dr. Ruperto S. Sangalang, dating pangulo ng CvSU at CHED *commissioner*, Dr. Josefina R. Rint, retiradong guro ng CvSU at Dr. Nelia C. Cresino, direktor ng GAD *Resource Center*. Layunin ng aktibidad na ito na suriin at iayos ang mga programang pang-ekstensyon ng bawat yunit, kolehiyo at kampus nang naaayon sa *banner extension program* ng unibersidad.

Ang mga sumusunod ay kabilang sa unang grupo ng mga panukalang programa: 1) *All for Kaong (A4K): Multi-sectoral Action in Greening Riparian Areas in Upland Cavite with Kaong* ng *Sugar Palm Research, Information and Technology* (SPRINT) *Center*, Dr. Lorenzo C. Lapitan, Jr.; 2) *Generals in Action: Reaching Communities Through Extension* (v.2.0) ng General Trias *campus*, Prof. Noel A. Sedigo at Roncesvalle J. Caipang; 3) TMK sa TMC: Tulong sa Mamamayan ng Komunidad sa Trece Martirez City (v.2.0) ng Trece Martirez City *campus*, Prof. Noel A. Sedigo at Roncesvalle J. Caipang; 4) BAGTAS with CvSU: Bagtas ay Aasenso at Giginhawa Kung Tayo ay Sama-sama *with* CvSU Tanza (v.2.0), Tanza *campus*, Prof. Noel A. Sedigo at Roncesvalle J. Caipang; 5) *Community Adoption Services: Health and Wellness, Environment and Biodiversity, Learning Programs and Societal Development* (CAS HELPS), *College of Arts and Sciences*, Dr. Bettina Joyce P. Ilagan; 6) *Community Adoption and Strengthening of the* CvSU *Bee Program* (CAS Bee), *College of Arts and Sciences*, Dr. Bettina Joyce P. Ilagan; 7) 2B@2k *Extension Program Revision Aligned to the* Ugnayan 2.0*, College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences*, Dr. Anatolio Garvida; 8) CvSU *Extension Projects for* Barangay 61A Talong *Fisherfolk Families*, Cavite City *Campus*, Dr. Maria Cristina J. Baesa; at 9) *Community Advancement through Research and Extension Services* (CONCARES 2.0), *College of Nursing*, Dr. Evelyn M. del Mundo.

Ang susunod na grupo ng *proposals* ay ilalahad sa Enero 2019. (*KBArandia*)



*Mga evaluator at tauhan ng ES kasama ang mga naglahad ng proposal*

# CvSU, kinilala ang ambag sa 4P's

Sa nakaraang *Civil Society Organization* (CSO) *Appreciation* 2018 ng *Department of Social Welfare and Development* (DSWD) na may temang *Recognizing Partners' Commitment and Honoring Volunteers' Heart of Service,* binigyan ng pagkilala ang CvSU-*Main* at CvSU-Imus bilang dalawa sa mga katuwang na ahensya na tumutulong sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's). Ito ay ginanap sa Emiramona Garden Hotel, Tagaytay City noong ika-29 ng Nobyembre.

Bukod sa mga SUC, binigyan din ng pagkilala sa nasabing okasyon ang mga *faith-based organization* na tumutulong sa mga programa ng 4P's ng DSWD na nakabase sa Cavite.

Katuwang ng DSWD ang CvSU sa pagpapatupad ng kanilang KAAGAPAY at GABAY *program*. (*JFErsando*)



*Mga kinatawan ng CvSU-Main at CvSU-Imus habang tumatanggap ng pagkilala mula sa DSWD IV-A*

## MGA BALITA

# Matel, nagsilbing *evaluator* sa pagpili ng MS ng CALABARZON

Nagsilbing isa sa mga *evaluator* sa pagpili ng mga Magsasaka Syentista (MS) ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon si Gng. Lorna C. Matel, CvSU *Partner Agency* TGP *coordinator*. Ang ebalwasyon ay ginanap sa opisina ng *Department of Agriculture-Agricultural Training Institute* (DA-ATI) Rehiyon IV-A, Brgy. Lapidario, Trece Martires City noong Oktubre 31.

Ang MS, bilang bahagi ng TGP, ay magsasaka na pinili dahil sa sapat na kaalaman at kasanayan sa pagsasaka, sa natatanging kaalaman na isinasagawa sa kanilang sakahan at sa kahandaang ibahagi ang mga kaalaman sa iba.

Dalawampu't pitong magsasaka mula sa 52 nominado ang pinili ng *Regional Technical Working Group* (RTWG) ng DA-ATI IV-A *Techno Gabay Program* (TGP) bilang MS. Ang RTWG ay pinangunahan ni Dr. Rolando V. Maningas, pinuno ng *Information Services Section* ng DA-ATI kasama sina Gng. Matel, *Regional Techno Transfer Coordinator* ng *Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium* (STAARRDEC), Bb. Lilian Telmo ng Cavite *Office of the Provincial Agriculturist* (OPA) at Jaja Cailo, *Information Officer II* ng DA-ATI.

Napiling MS sina Felomeno N. Cruzada, Mendez (*high value crops*); Willie D. Delan, Bacoor (palay); Ruel E. Penalba, Indang (saging); Pepito Veslenio, Alfonso (kakaw); Nemencio Castillo, Gen. Aguinaldo (paminta);



*Ang RTWG habang isinasagawa ang desk evaluation sa pagpili ng MS*

Gabriel A. Arubio, Gen. Aguinaldo (organikong pagsasaka); Susan U. Bagsit, Nagcarlan (kakaw); Jose G. Osio, Lumban (mais); Emmanuel M. Salada, OCVAS (*integrated farming)*; Raul Reus Pasia, Rosario (*dairy)*; Josue M. Barcelos, Rosario (*integrated farming)*; John Jun Sanchez, Tanauan (*high value crops);* Rene S. L. Domingo, Antipolo (*high value crops);* Jean M. Vinas, Taytay (*high value crops);* Glenn F. Fortu, Baras (palay); Randy Donato, Tanay (*upland rice*); Vicente I. Verdan, Tanay (*high value crops);* Ernesto DP. Tolentino, Pililla (*fisheries*); Buenaventura Caperina, Alabat (palay); Rudy Angulo, Alabat (IDOFS); Francsico D. Hugo, Alabat (calamansi); Edelissa A. Ramos, Candelaria (*integrated farming)*; Cristino C. Marquez, Candelaria (palay); Niel S. Astrera, Gen. Nakar (palay); at Maximino S. Custobrado, Gen. Nakar (*high value crops). (KBArandia)*

## CvSU, punong-abala ...

*mula sa p. 1*

Dumalo sina Kgg. Jesus Crispin C. Remulla, gobernador ng Cavite, Kgg. Perfecto V. Fidel, punongbayan ng Indang, at Gng. Marites Piamonte-Cosico, *Center Director* ng DA- ATI IV-A, kasama si Dr. Hernando D. Robles, presidente ng CvSU, sa ginanap na programa at nagbigay ng kani-kanilang mensahe. Kasabay nito ang paglagda ng *Memorandum of Agreement* (MOA) upang muling pagtibayin ang pagsasama ng DA-ATI, CvSU at OPG sa pagpapatupad ng TGP. Pinasinayaan din ang isinagawang eksibit kung saan makikita ang iba't-ibang teknolohiya ng mga MS at mga produkto mula sa CALABARZON.




*Ilang opisyal matapos pirmahan ang MOA tungkol sa Techno Gabay Program ng DA-ATI, OPG - Cavite at CvSU.*

Sa ginanap na *Farmers' Forum*, nagbahagi ang ilang MS ng kanilang natatanging kasanayan at kaalaman sa pagsasaka.

*Sundan sa p. 4*

# MGA BALITA

## CvSU, punong-abala ...

*mula sa p. 3*

Naglahad si G. Reden Mark Costales tungkol sa *Farm Tourism*, samantalang *Community Extension Programs* naman ang ibinahagi ni G. Brian A. Belen, MS ng FITS OPA-Laguna. Tinalakay din ang mga sumusunod: *palayamanan, integrated farming system, cacao production and processing, artificial insemination, native pig production, dairy production, dragon fruit production and processing, organic vegetables,* at *biogas production*. Nagbahagi si Gng. Agripina Ochoa, Magsasaka Siyentista ng FITS Magdalena, Laguna ng kanyang karanasan sa



*Si Gng. Agripina Ochoa, MS ng FITS Magdalena, Laguna habang nagbabahagi ng karanasan sa sustainable pig farming (Ang larawan ay galing sa DA-ATI)*







*Ang pagbubukas ng TGP Summit 2018 Exhibit at Trade Fair (itaas) at ang mga pangunahing bisita habang nagmamasid sa booth ng Cavite (ibaba)*

pagpaparami ng baboy gamit ang *sustainable pig farming* (SPF).

Sa *Camp Benjamin*, Alfonso, Cavite naman ginanap ang *Governor's Night* kung saan nagbigay ng mensahe sina Gng. Lolita C. Perena, Cavite *Provincial Agriculturist* at Dr. Rolando V. Maningas, TGP *coordinator* ng DA-ATI. Nagpakita rin ng isang katutubong sayaw ang CvSU *cultural dance group*.

Samantala, sa ikatlong araw ng aktibidad, naglahad ng kani-kanilang gawaing naisakatuparan sa taong 2018 ang mga TGP *focal person* mula sa mga katuwang na ahensya ng DA-ATI na sina Gng. Lorna C. Matel, CvSU; Engr. Rommel Nuestro, Laguna State Polytechnic University (LSPU); G. Michael Arada, University of Rizal System (URS); G. Rafael Catada, Batangas State University (BatSU); at Gng. Kristina J. Lucila, Southern Luzon State University (SLSU). Iginawad din ang parangal na "Natatanging Magsasaka Syentista" kay G. Danilo Noceto, Jr. ng FITS Magdalena, Laguna, "Natatanging FITS *Center*" ng taon sa FITS Kalayaan, Laguna at ilan pang natatanging parangal tulad *ng Best FITS Center Accomplishment Poster* at *Best Booth*. (LCMatel)

*Sundan sa p. 6*

## MGA BALITA

# Ika-14 na FITS sa Cavite, pinasinayaan

Pinasinayaan ang ika-14 na *Farmers' Information & Technology Services* (FITS) *Center* sa lalawigan noong Nobyembre 13 sa Gen. Mariano Alvarez (GMA), Cavite. Ang FITS ay isang *one-stop-information-shop* (OSIS) kung saan makikita ang mga makabagong teknolohiya sa agrikultura. Ito ay isa sa mga bahagi ng *Techno Gabay Program* (TGP) kasama ang Magsasaka Syentista (MS), *Information, Education and Communication* (IEC) *materials* at *Information and Communication Technology* (ICT).

Ang pagbubukas ng FITS sa GMA ay kasagutan sa ginanap na oryentasyon na isinagawa noong Hunyo 26, 2018 sa pangunguna ni Gng. Lorna C. Matel, TGP *focal person* sa Cavite, kasama sina Bb. Editha Paglinawan, *manager* at Bb. Eleanor Noel, *Information Services Specialist* (ISS) ng FITS OPA Cavite at dinaluhan nina *Vice-Mayor* Maricel E. Torres at mga miyembro ng Sangguniang Bayan.

Dumalo sa pasinaya ang mga opisyal ng GMA at mga lider ng asosasyon ng mga magsasaka. Nagbigay ng mensahe sina *Mayor* Walter D. Echevarria, Jr., *Vice-Mayor* Torres, Gng. Lorna Aviñante ng *Office of the Provincial Agriculturist* (OPA), Gng. Eda F. Dimapilis ng *Agricultural Program Coordinating Office* (APCO) DA-CARES, at Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng CvSU *Extension Services*. Samantala, ipinaliwanag ni Dr. Rolando V. Maningas, *Chief, Information Services Section* ng DA-ATI IV-A, ang TGP. Kalakip din sa programa ang pagbibigay ng DA-ATI ng pondo para sa GMA FITS *Center*.




Ipinakilala naman ni Gng. Matel ang mga tauhan na sina Reynante P. Masigla, FITS *manager*, Analou Gan, *Technology Services Specialist* (TSS) at Mark Anton Lotino, ISS na mamamahala ng *center*. Nilagdaan din ang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng DA-ATI IV-A, Cavite State University (CvSU) at Cavite *Office of the Provincial Government* (OPG). *(LCMatel)*



*Dr. Maningas habang ipinapaliwanag ang Techno Gabay Program*



*TGP MOA signing sa pagtutulungan ng DA-ATI IV-A, CvSU at OPG -Cavite*



*Ilang mga kasama sa FITS GMA launching*



*Gng. Matel habang ipinakikilala ang FITS GMA staff*

# MGA BALITA

## *Animal Health* ES, inilunsad sa Magallanes

Sa pagtutulungan ng *Extension Services* (ES) at *College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences* (CVMBS), inilunsad ang *Animal Health Extension Services for Large Ruminants (deworming, vaccine injection,* at iba pa*)* sa Barangay Urdaneta, Magallanes, Cavite noong Nobyembre 15.

Ang nasabing gawain ay pinangunahan nina G. Mar B. Reduca, kapitan ng Barangay Urdaneta, Dr. Anatolio Garvida, propesor sa CVMBS, at Carlo Erwin Fenomeno at John Michael Barrameda, mga estudyante ng CVMBS. Samantala, naging abala para sa gawaing ito sina G. Billy Mojica, kawani ng *Municipal Agriculture Office*, at Gng. Bernadette S. Amparo at Bb. Marjorie Ann B. Panerio, mga kawani ng ES.

Tinalakay ni Dr. Garvida sa mga mamamayan ng barangay ang kahalagahan ng kalusugan at tamang pamamaraan ng pag-aalaga ng hayop upang mapanatiling malayo ang mga ito sa sakit. Nabigyan din ng paunang medikasyon at gamot ang mga hayop na nasuring may sakit. (*MABPanerio*)



*Si Dr. Anatolio Garvida habang ipinapaliwanag ang ideya ng Animal Health*



*Pagbibigay ng libreng gamot sa may-ari ng hayop na may sakit*

## CvSU, punong-abala ...


*mula sa p. 4*




*Ang mga FITS staff sa probinsya ng Cavite*




*Pagtanggap ng CvSU ng certificate mula sa DA- ATI*



*Si Gng. Matel habang inilalahad ang accomplishment ng Cavite sa Techno Gabay Program 2018*

## MGA BALITA

# *Technical coffee farm tour,* pinangasiwaan ng NCRDEC

Upang lalong mahikayat ang mga pribadong indibidwal na mamuhunan sa kapehan at ang mga guro at kawani ng unibersidad na magsaliksik tungkol sa kape, pinangasiwaan ng *National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC)* ang isang *technical coffee farm tour* noong Disyembre 11.

Ang naturang aktibidad ay dinaluhan ng limang pribadong indibidwal at limang guro/mananaliksik ng unibersidad. Ito ay pinangunahan nina Dr. Miriam D. Baltazar, direktor ng NCRDEC, G. Rodrigo H. Diloy, *Training Specialist II* at Bb. Antonette Jean L. Magcamit, *Unit Head* ng *extension*.

Ang mga kalahok ay inilibot sa kapehang nasasakupan ng NCRDEC at tinuruan ng tamang pag-aalaga ng kapehan mula sa pagtatanim hanggang sa pag-aani. Itinuro din sa kanila ang *basic processing* ng kape hanggang sa pagsusuri ng kalidad ng produkto o ang *coffee cupping. (AELTorres)*


*G. Diloy habang itinuturo ang pagpoproseso ng pananim na kape*

## CEIT, nagsagawa ng CNA

Nagsagawa ang mga guro at estudyante ng *College of Engineering and Information Technology* (CEIT) ng *community needs assessment* (CNA) tungkol sa "Pagtatasa ng mga Pangangailangan sa Paninirahan sa Barangay Alulod, Indang, Cavite" noong Oktubre 17 at 20.

Ipinaliwanag ni G. Danielito R. Escaño, *extension coordinator* ng kolehiyo, ang pagsasagawa ng sarbey. Nagbigay rin si Kgg. Marlito A. Penus, kapitan ng barangay, ng mga tagubilin sa mga napiling opisyal ng barangay tungkol sa mga nakatakdang tungkulin para sa araw na iyon. Ang mga barangay tanod ay itinalaga sa iba't-ibang purok ng komunidad na kasama ng mga guro at estudyante ng kolehiyo. Ang nakatalagang purok ay ang sumusunod:

| Lugar | Bilang ng Pamilya | Kailangang Bilang | Aktwal na Bilang | Namunong Departamento |
|---|---|---|---|---|
| Purok 1 | 150 | 39 | 39 | DIT |
| Purok 2 | 130 | 34 | 46 | DIT |
| Purok 3 | 240 | 62 | 63 | DCE |
| Purok 4 | 184 | 48 | 59 | DAFE |
| Purok 5 | 210 | 54 | 60 | DIET |
| Purok 6 | 250 | 64 | 65 | DCEE |
| Brgy. Officials | | | 11 | DREscaño |
| Brgy. Workers | | | 10 | DREscaño/DCE |
| SME's | | | 8 | DIET |

Umabot sa 355 na residente mula sa 1,164 na pamilya ang lumahok sa sarbey. *(DREscaño)*


*Mga guro at estudyante ng CEIT at graduate school na nagsagawa ng sarbey*


*Si G. Escaño habang nagpapaliwanag sa ginawang oryentasyon*

# MGA BALITA

## Mga pagsasanay sa huling tatlong buwan ng taon, isinagawa

Dahil isa sa mga mandato ng *Extension Services* (ES) ang maghatid ng mga serbisyo sa mga nangangailangan na sektor ng lipunan, siyam na pagsasanay ang muling isinagawa ng ES mula Oktubre hanggang Disyembre 2018. Ang nabanggit na mga pagsasanay ay ang sumusunod:

| Pamagat | Petsa | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay |
|---|---|---|---|
| Pagsasanay sa *mushroom production* | Oktubre 2 | STAARRDEC Conference Room | Dr. Lolita Viyar *LSPU* |
| Pagsasanay sa *Organic Urban Agriculture* | Oktubre 4 | Imus | Prof. Edgardo Gonzales *CAFENR* |
| Pagsasanay sa *Mushroom Culture Technology* | Oktubre 9 | BGC, Bacoor | Dr. Lolita Viyar *LSPU* |
| Pagsasanay sa *Water Search and Rescue Operation* | Oktubre 16 | ARESCOM, Tanza | ARESCOM *officials* |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kape | Oktubre 18 | OPA Cavite | G. Ronald Peña, *NCRDEC* |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kamoteng Kahoy o *cassava* | Oktubre 24 | Maragondon | Gng. Elvira B. Perlado *Extension Services* |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Karne | Oktubre 25 | Gen. E. Aguinaldo | Gng. Elvira B. Perlado *Extension Services* |
| *Leadership Training for Farmers and Fisherfolks* | Oktubre 30 | Naic | Prof. Lina Abogadie *CEMDS* |
| *Package of Technology on Banana* | Disyembre 5 | Mendez | G. Danilo H. Mojica *Research Center* |




*Si Dr. Lolita C. Viyar (Speaker) habang nagtuturo ng mushroom culture technology*



*Mga kalahok sa pagsasanay para sa mga magsasaka at mangingisda*

Tuloy-tuloy ang isinasagawang mga pagsasanay sa iba't-ibang munisipyo at syudad ng Cavite na mayroong FITS *Center* upang mas mapalakas at mapayabong ang ugnayan ng unibersidad sa mga LGU ng Cavite. Pito sa siyam na pagsasanay ang muling pinondohan ng DA-*Agricultural Training Institute* (DA-ATI) Rehiyon IV-A. Ang mga nabanggit na pagsasanay ay nakaugnay din sa iba't-ibang kolehiyo at kampus ng unibersidad sa kadahilanang sa kanila nagmumula ang mga tagapagsanay na nagbabahagi ng kanilang kaalaman base sa kanilang ispesyalisasyon. *(BSAmparo)*

UGNAYAN

**Tagapamahalang Patnugot**
Lady Aileen A. Orsal

**Katulong na Patnugot**
Melinda B. Eugenio

**Mga Kontribyutor**
Lorna C. Matel
Khay B. Arandia
Joselito F. Ersando
Danielito R. Escano
Al Eugene L. Torres
Bernadette S. Amparo
Marjorie Ann B. Panerio

**Mga Editoryal Konsultant**
Dr. Yolanda A. Ilagan
Dr. Ruel M. Mojica
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal
***Knowledge Management Center***
*5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.*
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☏ (046) 415-0212